MIGRANTE INTERNATIONAL

"We dream of a society that will never be torn apart just for the need to survive!"

Address: 275 E. Rodriguez Sr. Ave Quezon City, Brgy. Kalusugan, Philippines
Email: homeoffice@migranteinternational.org Website: migranteinternational.org Tel.: +632-7092-4519

Kalagayan ng Migranteng Pilipino sa Panahon ni Duterte

Hulyo 21, 2021, Quezon City, Philippines

Ngayong Hulyo 26, bibigkasin ni Presidente Rodrigo Duterte ang kanyang huling State of the Nation Address o SONA. Gagawin niya ito kulang-kulang isang taon bago ang katapusan ng kanyang termino sa Hunyo 30, 2022. Mahalagang lagumin ang mga nagawa niya para sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) at sambayanang Pilipino sa kanyang termino.

Dahil sa kanyang matatapang na pangako sa mga OFW at sambayanang Pilipino, nagsimula ang kanyang termino nang may pag-asa para sa "tunay na pagbabago" sa bansa. Ngayon, malapit sa katapusan ng termino niya, malinaw na mas masahol ang kalagayan nating mga OFW at sambayanang Pilipino kumpara sa simula ng kanyang termino, at siya ang responsable sa ganitong sitwasyon.

Naging isang mahaba at madilim na gabi para sa mga Pilipino ang rehimen ni Duterte, kinatangian ng pag-abandona ng gobyerno sa mga OFW sa panahon ng matinding pangangailangan, brutal na pagsupil sa lahat ng tinig na independyente at kritikal sa kanyang gobyerno, kotong ng gobyerno at korupsyon, at pagtataksil sa pambansang interes.

PANLILINLANG MULA SA SIMULA

Noong nangangampanya pa lang siyang presidente noong 2016, tinatarget na ni Duterte ang mga migranteng Pilipino sa buong mundo para linlangin at para gamitin tayo sa paglinlang sa sambayanang Pilipino.

Bilang presidentiable, pinaulanan ni Duterte ang mga OFW ng napakaraming matatamis na salita at pangako. Sa isang talumpati sa Filipino Community sa Japan noong 2016, halimbawa, sinabi niyang "Ito ang pangako ko. Sana naman sa Diyos at sa inyo, ang pagtatrabaho n'yo sa labas hanggang diyan na lang. Next generation sa Pilipinas na."

Ayon sa mga manunuring pampulitika, isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nanalo si Duterte sa eleksyon ay ang matatapang niyang pangako sa iba't iba, kahit

magkakatunggaling, mga sektor ng lipunan. Para ligawan ang mga manggagawa, halimbawa, nangako siyang tatapusin ang kontraktwalisasyon -- kahit pa nangako rin siya sa mga kapitalista na magiging malaki ang kanilang tubo. Ipinangako rin niyang tapusin ang iligal na droga, kriminalidad at korupsyon sa loob ng unang tatlong buwan ng kanyang pagkapangulo.

Sa kanyang kampanya, gumawa ng kwento si Duterte na tumatarget sa mga OFW at patuloy niyang pinalaganap kahit noong maging pangulo siya. Aniya, tinatarget ng mga drug addict at pusher ang mga anak ng mga OFW sa kanilang mga tahanan, dahil sila ang may pera para bumili ng iligal na droga. Pinalaki niya ang antas ng droga at kriminalidad sa bansa para bigyang-katwiran ang kanyang panawagan para sa peace and order, kapayapaan at kaayusan. Niyakap ang mensaheng ito ng maraming OFW, na pamilyar sa katahimikan at kaayusan sa maraming bansang tumatanggap sa mga migrante.

Ipinakita ng “tanim-bala” sa pangunahing airport ng bansa bago ang eleksyong 2016 ang garapal na paglabag sa batas. Ginamit ito ni Duterte para ipakitang malaganap at lantaran na ang krimen at paglabag sa batas sa bansa. Itinulak nito ang maraming OFW sa bitag ng kwento ni Duterte tungkol sa matinding kriminalidad at pangangailangang tapusin ito. May mga manunuring pampulitikang ang tingin ngayon ay mga tao mismo ni Duterte sa militar at gobyerno ang nagpatupad ng “tanim-bala” -- para talagang palakasin ang kampanya niya. Hindi kataka-taka, agad itong natapos nang maging presidente siya.

Maraming OFW ang natangay ng mga pangako ni Duterte, at sinamantala ito ng kanyang makinaryang pangkampanya. Inilarawan ang mga OFW na ispontanyong nagtatayo ng mga organisasyon para suportahan ang kanyang kandidatura -- gayung alam na natin ngayon na marami rito ang pinondohan ng kanyang kampanya na maraming pera. Inilarawan ang mga grupong ito na lumilikha ng maraming Facebook Pages para ipakita ang suporta sa mayor ng Davao City -- gayung alam na natin ngayon na pinondohan ang mga ito ng kanyang kampanya na nakasandig sa social media. Inilarawan ang mga OFW bilang makapangyarihang mga breadwinner na nagpapakilos ng kanilang pamilya para suportahan at iboto si Duterte, at magdala ng 3 milyong boto para sa kanya.

Tagumpay si Duterte sa pagpapalaganap ng kanyang mapanlinlang na naratibo dahil sa isa pang salik para sa kanyang malakas na kampanya at panalo -- ang limpak-limpak na pondong pangkampanya na bigay ng solidong base ng suporta na kinabibilangan nina Gloria Macapagal-Arroyo, mga Marcos, iba pang mga oligarko, at China. Dahil sa tulong ng masasamang kaibigang ito ni Duterte kaya nasamantala niya ang Facebook at social media para sa kanyang kampanya. Nagawa niyang gumawa ng mga troll farms at maging imanipula ang galaw ng Facebook para sa kanyang pakinabang. Nagawa niyang paulanan ang mga OFW ng fake news, hindi lang sa panahon ng kanyang kampanyang pampresidente kundi maging sa buong termino niya.

Kahit pa ang voter turnout sa mga OFW noong 2016 ay sinasabing pinakamataas sa loob ng isang dekada, 31.65 porsyento lang ng mga OFW na nakarehistro sa Overseas Absentee Voting o OAV ang bumoto. Dito, 72.42 porsyento ang bumoto kay Duterte -- isang aktwal pero mas simbolikong tagumpay para sa kanya. Nakamit niya ito sa pamamagitan ng malawakang panlilinlang sa mga OFW at sambayanang Pilipino,

gamit ang kanyang mga pangako at kasinungalingan. Kulang-kulang isang taon bago matapos ang termino niya, masasabi nating marami maging sa mga sumuporta sa kandidatura niya ang kritikal na ngayon sa gobyerno. Katunayan, marami ang nananawagan na wakasan na ang kanyang pagkapangulo.

2016 AT 2017

Noong 2016, itinulak ng mga migranteng Pilipino sa pamumuno ng Migrante International na tuparin ni Duterte ang mga positibong pangako niya para sa mga OFW at sambayanang Pilipino. Ipinanawagan natin na bawasan, kung hindi man tanggalin, ang iba't ibang porma ng kotong ng gobyerno sa mga OFW. Gayundin ang pagbasura sa Overseas Employment Certificate (OEC) at iba pang bayaring mandatory para sa mga migranteng manggagawang aalis ng bansa.

Sa harap ng tumitinding tensyon sa pagitan ng Kingdom of Saudi Arabia at Iran at ng kasunod na krisis sa langis na matindi ang epekto sa Middle East, daan-daan, kundi man libu-libong OFW ang natanggal sa trabaho. Nanawagan ang mga OFW sa pamumuno ng Migrante International sa gobyernong Duterte na iuwi ang mga natanggal at distressed na OFW sa KSA at buong Middle East. Gayundin ang paggiit ng gobyerno na bayaran ang mga sahod at money claims ng mga OFWs. Nagbigay ang gobyerno ng mga solusyon -- pero panandalian at pakitang-tao lang. Hindi ito lumikha ng komprehensibong programa ng reintegrasyon para sa mga umuwing OFW.

Ang masahol pa, nagyabangan sa publiko ang Department of Labor and Employment (DOLE) at Department of Foreign Affairs (DFA) kung sino ang namuno sa humanitarian mission ng gobyerno sa KSA sa panahon ng krisis. Napakaingay nila, gayung huli na at napakakaunti ang nagawa ng misyon kumpara sa mga problema ng mga OFW.

Noong Setyembre 2016, nakipag-diyalogo si Duterte kay Joko Widodo o Jokowi, Presidente ng Indonesia. Nanawagan tayong mga OFW sa kanya na hilingin ang pagpapalaya kay Mary Jane Veloso, ang OFW na nakakulong sa Indonesia dahil sa mga kaso ng drug trafficking, gayundin ang iba pang OFW. Napabinbin ng mga protesta ang pagbitay kay Veloso noong Mayo 215. Pagkatapos ng pag-uusap, inilantad ni Jokowi na sinang-ayunan ni Duterte ang pagbitay. Matapos ang ilang pagtanggi na pinasinungalingan ng gobyerno ng Indonesia, inamin ni Duterte na hindi siya komportableng hilingin ang kalayaan ni Veloso dahil mayroon siyang "gera sa droga" sa Pilipinas. Isa itong pagtataksil sa tagumpay ng mga OFW at sambayanang Pilipino na lumaban sa pagbitay kay Veloso.

Taliwas sa pangako ni Duterte, at para bang tinatapos ang anumang pag-asa na mapapabuti ang sitwasyon ng mga manggagawa, inilabas ng DOLE ang DOLE Order No. 174. Paimbabaw at pakitang-tao lang ang mga pagbabagong laman nito, gaya ng "regularisasyon" umano ng mga kontraktwal sa mga employment agencies. Sa

esensya, ipinagpatuloy nito ang pagiging ligal ng kontraktwalisasyon. Lalo nitong pinagtibay at hinudyatan ang mga atake sa mga batayang karapatan ng mga manggagawa sa nakabubuhay na sahod, benepisyo, regular na empleyo, at sa pagtatayo ng mga unyon at paglulunsad ng welga.

Katugma ng patakaran ng paghahain ng mura at siil na lakas-paggawa sa mga kapitalista, idineklara ng gobyernong Duterte ang pinaigting na pagpapatupad ng Labor Export Policy sa mahalaga nitong 10-point economic agenda. Pinapaigting ng deklarasyon ang pagsisikap ng gobyerno na kumita ng mga dolyar na remitans mula sa mga OFW. Taliwas ito sa pangako ni Duterte na ilatag ang kalagayan para ang mga OFW ay umuwi sa Pilipinas para dito magtrabaho.

Noong 2017, pinatindi ni Donald Trump, Presidente ng US, ang mga pahayag at patakaran niya laban sa mga migrante, lalo na sa mga Muslim, sa US. Hudyat ito ng papatinding atake ng mga anti-migranteng partido, kilusan at lider na lumalakas sa buong mundo. Ang sabi ni Duterte, hindi siya magtataas ni isang daliri para tulungan ang mga Pilipino sa US na nahaharap sa deportasyon at iba pang anti-migranteng patakaran ng gobyernong Trump. Tayong mga OFW, sa pamumuno ng Migrante International, ang nanawagan ng paglaban sa rasismo at xenophobia, paglabag sa mga karapatan at pasismo sa mga bansang tumatanggap ng mga migrante. Bukod sa pagbibigay ng edukasyon sa mga migranteng Pilipino tungkol sa ating mga karapatan, nakipagkaisa rin tayo sa mga grupo ng mga manggagawa, maka-kaliwa at iba pa sa iba't ibang bansa.

Ikinampanya at inaprubahan ni Duterte ang isa pang hakbanging nagpabigat ng pasanin ng mga OFW, ng ating mga pamilya at ng sambayanang Pilipino -- ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion o TRAIN Law. Itinaas nito ang mga buwis ng mga karaniwang mamamayan para makalikom ng pondo ang gobyerno na pambayad sa utang panlabas ng bansa -- na lalong lalaki dahil sa sentral na patakarang pang-ekonomiya ni Duterte, ang programang "Build, Build, Build." Sa halip na ilatag ang kalagayan para sa pag-uwi ng mga OFW sa Pilipinas, nagpatupad ng bagong patakaran si Duterte na lalong nagtutulak sa mga Pilipinong magtrabaho sa ibang bansa -- para sapatan ang lumalaking pangangailangan ng kanilang pamilya.

Dahil hindi raw kaya ng DOLE na harapin ang lahat ng isyu ng mga OFW, itinulak ni Duterte ang pagtatayo ng departamentong laan sa mga OFW. Aniya, isisistematisa at papalakasin ng ahensyang ito ang mga pagsisikap ng gobyerno na protektahan ang mga OFW sa ibang bansa. Nakabatay pa rin ito sa pagpapatuloy ng Labor Export Policy ng gobyerno, hindi sa pagtapos dito gaya ng ipinangako ni Duterte. Gagawa lang ito ng ilang pakitang-taong pagbabago sa pagharap sa mga paglabag sa mga karapatang dinadanas ng mga OFW, na likas sa LEP. Mas malamang na magiging hakbangin ito para paigtingin ang LEP kaysa protektahan ang mga OFW.

2018 AT 2019

Noong 2018, lalong tumampok ang mga epekto ng pagpapatuloy ng gobyernong

Duterte ng mga patakaran sa ekonomiya ng mga naunang gobyerno. Naglabasan ang mga ulat tungkol sa mga natatanggal sa trabaho, lumolobong kawalang-trabaho at pagbagsak ng halaga ng minimum na sahod lalo na kumpara sa nakabubuhay na sahod. Dumating din ang mga ulat tungkol sa masamang kalagayan ng mga OFW sa iba't ibang bansa, kasama na ang pag-empleyo sa mga Pinay bilang domestic worker at iba pang manggagawa sa sektor ng serbisyo sa Middle East. Pinalakas ng Migrante International ang panawagan sa rehimeng Duterte na lumikha ng disenteng trabaho sa Pilipinas, para ang mga Pilipino ay hindi na kailangang umalis para magtrabaho sa ibang bansa.

Habang pinapasahol ang mga kalagayang nagtutulak sa mga Pilipino na mangibang-bayan para magtrabaho, patuloy nitong kinolekta ang mabibigat at labis-labis na singilin sa mga OFW, gaya ng sumusunod: PhP 200 (USD 3.74) POEA processing fee, PhP 1,200 (USD 22.43) passport fee, PhP 1,250 (USD 23.37) OWWA membership fee, PhP 2,400 (USD 44.87) PAG-IBIG membership fee, PhP 2,400 (USD 44.87) PhilHealth fee, at PhP 8,600 (USD 160.78) fee para sa 76 kinakailangang pirma. Sa kabuuan, nagbabayad ang mga OFW ng PhP 16,050 (USD 297) sa gobyerno bago makaalis ng bansa. Wala pa rito ang gastos sa pamasahe, pagpapa-print ng mga dokumento at iba pa. Ipinataw rin ng gobyernong Duterte ang mandatory SSS coverage sa lahat ng OFW at ang 3,000 porsyentong pagtaas sa singilin ng SSS sa mga OFW, na siyang pinakamataas sa kasaysayan.

Disyembre 2018, pinirmahan ng gobyernong Duterte ang Global Compact on Migration, na nakabatay sa maling paniniwalang ang migrasyon ng paggawa ay nagdudulot ng pag-unlad sa bansang nagpapadala ng migrante at ang kailangan lamang ay tiyaking napoprotektahan ang karapatan ng mga migrante. Paulit-ulit nang sinasabi ng mga eksperto at mga aktibista sa larangan ng migrasyon na hindi nagdulot ng tunay na kaunlaran sa Pilipinas at maraming katulad na bansa ang migrasyon ng paggawa. Tinutuligsa rin nila ang GCM dahil hindi nito magagawang parusahan ang mga bansang lalabag dito, patunay na palabas lamang ang pagsasaad nito ng mga karapatan ng mga migrante.

Noong 2019, patuloy na tumaas ang mga kaso ng pang-aabuso sa mga OFW. Si Constancia Dayag, isang 47-taong gulang na domestic worker na nagsimulang magtrabaho sa Kuwait noong 2016, ay tinortyur at pinatay ng kanyang employer. Inireklamo ng kanyang mga kaanak ang mabagal na tugon ng gobyerno at pagtanggi nitong maglabas ng impormasyon. Kaalinsabay, naglabasan ang mga kaso na nagpatampok sa epekto ng migrasyon ng paggawa, bilang makabagong pang-aalipin, sa kalusugan ng kaisipan ng mga migrante. Dinadagdagan pa ito ng kawalan ng libreng serbisyong pangkalusugan, lalo na para sa kalusugang pangkaisipan.

Lumala rin ang labor trafficking na pumupuntirya sa mga Pinoy. Sa US, 70 gurong Pilipino ang kabilang sa 300 biktima ng isang kaso ng human trafficking na nalantad. Walang kongkretong hakbangin ang embahada at konsulado ng Pilipinas. Sa Pilipinas, dumami rin ang mga paaralang nagtuturo ng wikang Japanese na bumibiktima sa mga estudyante na pinagbabayad ng USD 5,000 para sa placement, pero nagiging manggagawang manwal sa Japan.

Itinutulak ng masamang lagay ng lugar ng paggawa at paninirahan ang mga OFW na lumaban. Pero kapag ginawa nila iyan, sila ay nalalantad sa iba't ibang atake -- mula sa pagkakakulong hanggang sa pagpatay. Ayon sa isang ulat ng DFA, mayroong 73

OFW sa death row noong 2017, mayroong 48 Pinoy sa death row sa Malaysia pa lang, habang 4,000 Pinoy ang nakakulong sa labas ng bansa.

Noong Disyembre, umabot ang armadong labanan sa pagitan ng KSA at Yemen sa teritoryo ng KSA, lalo na sa mga rehiyon sa border gaya ng Asir, Jizan at Najran kung saan mahigit 40,000 Pinoy ang nakatira at nagtatrabaho. Ang mga na-stranded at apektadong OFW, tumungo sa Philippine Embassy sa Beirut para humiling ng maramihang pagpapauwi. Hindi lang nito muling inilantad ang mabagal na tugon ng rehimeng Duterte sa pagpapauwi sa mga distressed OFWs. Ipinakita rin nitong muli ang mga panganib ng trabaho sa labas ng bansa lalo na sa mga rehiyong may mga armadong tunggalian.

Habang pinapalaganap ng gobyernong Duterte ang kwento ng mga drug pusher na nambibiktima ng mga anak ng mga OFW at humuhuthot ng pinaghirapang pera ng mga OFW, ang mga anak at kaanak naman ng mga OFW ay nagiging biktima ng "gera kontra droga." Isang halimbawa si Bryan Conje, anak ng isang OFW sa KSA. Isang residente ng Navotas City, nawala si Bryan noong July 2 at idineklarang patay tatlong araw pagkatapos sa isang "armadong engkwentro," ayon sa kapulisan. Sabi ng mga pulis, gaya ng kagawian nito, natagpuan nito ang iligal na droga kay Bryan, na inakusahan nilang main suspect sa isang insidente ng pagnanakaw. Hindi lang ito labag sa mga datos, labag din ito sa due process para sa mga akusado.

Marahas na sinupil ng gobyernong Duterte ang mga manggagawa na lumaban para sa pagsasakatuparan ng pangako ng presidente noong eleksyon na wakasan ang kontraktwalisasyon. Noong Oktubre, sinabi mismo ni Duterte na barilin ang mga nagwewelgang manggagawang bukid. Hudyat ito ng mas matinding pagsupil sa mga welga at protesta ng mga manggagawa sa buong bansa. Sa halip na tugunan ang mga problema ng mga manggagawa, pinili ni Duterte na supilin nag mga nangangahas magsalita tungkol sa mga ito. Nagpapatuloy ang mga batayang problema ng mga manggagawa, at dinagdagan pa ng panunupil -- isa na namang dahilan kung bakit paparaming Pilipino ang umaalis para magtrabaho sa ibang bansa.

Nagpataw rin ang gobyernong Duterte ng mas maraming kotong sa mga Pilipinong gustong mag-OFW. Kasama rito ang tatlong-buwang halaga ng SSS premium at isang-taong halaga ng PhilHealth premium, na sinisingil ayon sa bagong pasang Universal Healthcare Act o Republic Act 11223. Kasama ang RA 11199 o Social Security Act of 2018, sinasabi ng batas na ang mga reserbang pondo ng SSS at PhilHealth ay gagamitin ng gobyerno na puhunan sa mga proyektong pinirmahan sa pribadong sektor. Dagdag pa, sinasabi ng mga aktibista sa kalusugan at iba pang sektor na ang Universal Healthcare, sa pagpapatupad dito ng gobyerno ng Pilipinas, ay lumalabag sa karapatan ng mga mamamayan sa serbisyong pangkalusugan, dahil nangangahulugan pa rin ito ng isinapribado sistemang pangkalusugan na naghahangad ng tubo.

Itinataas ang singil sa PhilHealth kahit pa nalantad ang katiwalian sa PhilHealth ng mismong Commission on Audit at umani ng malawak na batikos. May Php 154 bilyon na hindi maipaliwanag, at napunta sa mga pekeng pasyente, overpayment at hindi totoong delivery simula 2013. Sa kabila ng panawagan ng mga OFW para sa pagpapanagot, walang napanagot ang rehimeng Duterte sa krimen.

2020 AT 2021

Sinalanta ng pandemyang Covid-19 ang mundo noong 2020. Itinulak nito ang pinakamatinding krisis pang-ekonomiya simula noong Great Depression ng 1930s. Ayon sa maraming ekonomista, gayunman, bago pa ang krisis sa ekonomiya na dulot ng pandemya, pabagsak na ang pandaigdigang ekonomiya. Walang pag-ahon ang ekonomiya ng mundo mula sa pandaigdigang krisis pampinansya at pang-ekonomiya ng 2008-2009, at pinabilis lang ng pandemya ang pagsadsad ng ekonomiya.

Bilang mga manggagawa sa mababang antas at mga second-class citizens sa ibang bansa, tinamaan nang matindi ang mga OFW at mga migranteng manggagawa sa pangkalahatan. Noong Disyembre 31, 2020, mayroon nang 12,876 na kaso ng Covid-19 sa mga Pinoy sa labas ng bansa -- 911 patay, 3,578 nagpapagamot, at 8,387 recovered o pinalabas ng ospital. Tumaas ito sa 20,943 kaso noong Hulyo 12, 2021 -- 1,245 patay, 7,344 nagpapagamot, at 12,354 recovered o pinalabas ng ospital. Karamihan sa mga kasong ito, kasama na ang 67.15 porsyento ng mga namatay, ay nasa Middle East, na may malaking konsentrasyon ng mga OFW at kung saan ang mga OFW ay nabubuhay sa mga siksikang lugar.

Maraming OFW at migranteng manggagawa ang hindi nakasama sa mga programa sa ayudang pinansyal sa mga bansang kinaroroonan nila. Dahil sa pinagmulan ng Coronavirus at sa kanilang katayuan sa trabaho at lipunan, maraming OFW at migranteng manggagawa ang dumanas ng diskriminasyon, maging rasismo.

Maraming migranteng manggagawa, kasama na ang mga OFW, ang tinanggal sa trabaho o binawasan ang trabaho at sahod. Marami ang ipinailalim sa iskemang “no work, no pay.” Nang sinabihan ang lahat na manatili sa kanilang mga bahay noong bungad ng pandemya, maraming OFW ang napwersang sumandig sa kanilang kaunting ipon at dumanas ng gutom. Noong Hulyo 2020, mahigit 551,000 OFW ang natanggal sa trabaho. Mahigit 20,000 seafarer ang walang trabaho, bunsod ng pagtigil ng operasyon ng mga barko. Sampu-sampung libo ang na-stranded sa mga barko at humiling ng repatriation. Ang ilan, tulad nina Raul Calopez at Stanley Jungco, ang namatay nang hindi nakakatanggap ng atensyong medikal.

Kaalinsabay, maraming OFW ang nasa frontlines sa paglaban sa pandemya. Ang serbisyong pangkalusugan ng UK, US, Canada at iba pang bansa ay puno ng mga Pilipino. Maraming OFW rin ang patuloy na nagtrabaho sa mga sakahan at pabrika. Nalagay ang kanilang kalusugan at mismong buhay sa panganib, at noong una’y walang personal protective equipment o PPE na kailangan sa ligtas na pagtatrabaho.

Sa kabila ng masahol na sitwasyon ng mga OFW, binawalan ang kanilang mga pamilya sa Pilipinas na tumanggap ng kaunting ayudang pinansyal na inilabas ng gobyerno at mula sa Social Amelioration Program ng Department of Social Welfare and Development. Ang dahilan: mas nakakaangat sa buhay ang turing sa mga pamilya ng mga OFW. Ilang OFW at kanilang benipisyaryo ang hindi nakatanggap ng mga benepisyo mula sa OWWA dahil lang hindi sila aktibong miyembro nang sila ay magkasakit, naaksidente o namatay. Sa kabila ito ng pagiging matagal na miyembro nila bago ang pandemya, at hindi lang nakapag-renew ng membership

dahil sa pandemya. Ilang OFW ang hindi nakakuha ng mga insurance benefits, na natanggap ng mga agency na kumuha sa kanila.

Nangunguna ang Pilipinas sa mga bansang nag-eeksport ng lakas-paggawa, pero ang mga embahada at konsulado nito ay sarado noong bungad ng pandemya, hindi makatulong sa mga distressed OFW at sa lahat ng OFW. Marami -- gaya sa Hong Kong, Macau, Taiwan, South Korea, Japan, New Zealand, Thailand, at Australia -- ang nagbawas ng oras ng pagtatrabaho o tuluyang nagsara, kahit ang mismong mga opisina ng gobyerno sa mga bansang ito ay nagpatuloy sa kanilang operasyon at sa regular na mga office hours. Sa Hong Kong, kung saan may daan-daang libong domestic worker na Pinay, ang mga OFW sa quarantine facilities ay nakakatanggap ng pagkain mula sa mga kapwa-Pilipino, habang walang ginagawa ang mga ahensya ng gobyerno gaya ng OWWA at POLO.

Ipinagpapatuloy lang ng mga opisina ng mga ahensya ng gobyerno ng Pilipinas sa ibang bansa ang kanilang masamang rekord sa pagbibigay ng serbisyo sa mga OFW noong bago pa ang pandemya -- sa kabila ng matatamis na salita ni Duterte tungkol sa mga OFW. Sa Middle East, sarado sila kapag weekends -- Biyernes at Sabado sa mga bansang Muslim na ito -- gayung ito ang mga araw na pwedeng pumunta ang mga OFW sa kanilang mga tanggapan at makipag-transaksyon. Sa Canada, wala silang programa para sa mga distressed OFWs, at ang Filipino community pa ang tumutulong. Mabagal din ang kanilang pagproseso ng passport, bagay na napakahalaga sa lahat ng OFW. Sa US, available lang sila batay sa appointment, hindi pwede ang walk-in, at napakahirap kumuha ng appointment. Mabagal rin kahit sa pagsagot sa email. Hindi rin sila konsistent sa mga rekisito para sa dual citizenship application at voter's registration.

Hindi nakapagbigay ang gobyernong Duterte ng kagyat na repatriation sa daan-daang libong OFW na stranded sa iba't ibang bansa. Kinailangan ng mga OFW na maghintay ng mahigit tatlong buwan bago sila makauwi. Ipinagyayabang ng gobyerno ang programa nito sa repatriation kahit ang mas maraming OFW na nakauwi ng Pilipinas ang nagbayad ng sariling tiket sa eroplano.

Nagbigay ito isang beses ng USD 200 na ayudang pinansyal sa pamamagitan ng DOLE-AKAP. Napakaliit nito kumpara sa mga pangangailangan ng mga OFW, masyadong maraming dokumento ang kailangan, at matagal bago ibigay sa iilang itinuring na karapat-dapat. Maraming OFW ang hindi kasama: mga nasa kulungan, biktima ng trafficking, mga undocumented na Halaw sa Sabah, Au Pairs sa Europe at J1 visa holder sa US. Hindi kasama sa binigyan ang Thailand, na may malaking populasyon ng mga OFW na karamihan ay natanggal sa trabaho sa turismo na tinamaan ng pandemya. Aabot lang sa 250,000 o 2 porsyento ng kabuuang 12 milyon OFW ang nakatanggap ng ayudang ito. Sa ilalim ng BAYANIHAN 1, tanging 338,900 na OFWs lamang ang nakatanggap ng isang beses na ayuda mula sa kabuuang 683,369 na mga nagsumite ng aplikasyon para sa DOLE-AKAP. Para sa maraming OFW sa Middle East, makakatulong lang ang halagang ito sa pagbabayad ng renta sa isang buwan. Masama ang naging epekto ng pandemya at kawalan ng tulong ng gobyerno sa kalusugang mental ng mga OFW, marami ang na-depress at ang ilan ay nagpakamatay pa.

Marami sa mga OFW na nakabalik sa Pilipinas ang naging stranded sa Metro Manila. Marami ang itinapon -- "parang basura," sabi ng isang OFW -- sa mga airport

terminal sa Metro Manila. Marami ang walang pera, pero ni hindi binigyan ng pagkain, napilitang umupo sa tabi ng mga bulok na gamit ng airport, o napwersang matulog sa mga daan at ilalim ng tulay malapit sa main airport ng bansa. Nagpatupad ito ng mga palpak na patakaran sa quarantine. Marami ang parang sardinas na pinagsama-sama sa mga overcrowded shelter, natutulog sa sahig, at walang pagkain at tubig.

Noong nagreklamo tayong mga OFW, sa pamumuno ng Migrante International, tungkol sa mga quarantine facilities na ito, doon lang napwersa ang gobyerno na makipagtulungan sa mga hotel para mabigyan tayo ng maayos na quarantine areas. Napahaba nang hindi kinakailangan ang quarantine, gayunman, dahil walang maagap na PCR test pagdating at ang mga resulta ay huling lumabas. Tapos nag-ingay pa ang gobyernong Duterte tungkol sa pagkaubos ng pondo para sa quarantine ng mga OFW, at tungkol sa pagpapaiksi ng quarantine stay, gayung hindi ito nagpatupad ng maagap na PCR tests.

Ang mga OFW na nakauwi, nahaharap sa kawalang-trabaho at gutom, kasama ang kanilang pamilya. Walang kaparis sa kasaysayan ang dami ng walang trabaho sa bansa, ayon sa independyenteng grupo sa pananaliksik na Ibon Foundation. Biktima sila ng usad-pagong na programa sa pagbabakuna ng gobyerno. Walang silbi ang mga programa sa re-skilling ng mga OFW, dahil wala namang ginagawang hakbang ang gobyerno para lumikha ng trabaho sa Pilipinas. Itinuloy pa nito ang pagpapatupad sa Rice Liberalization Law, na papatay sa sektor ng agrikultura sa bansa, at magtataas ng presyo ng bigas.

At ano ang pinagkakaabalahan ng gobyernong Duterte sa panahong ito sa larangan ng mga OFW? Ang isa ay itaas ang mga kotong sa mga OFW. (1) Ipinatupad ang mandatory PhilHealth membership at dagdag-premium. Katumbas ito ng PhP 20,400 sa unang taon at tataas sa mga susunod na taon. Ang mga hindi makakabayad, pagbabayarin ng multa na pinataas ng interes. (2) Ipinatupad nito ang mandatory SS membership at pagtaas ng premium, at pupwersahin ang mga OFW na sagutin ang 50 porsyentong kontribusyon ng mga employer. (3) Pinanatili nito ang iba pang kotong sa mga OFW: (a) USD 140 mandatory insurance per contract, (b) OWWA membership na nakadepende sa kontrata, (c) ang OEC na bukod sa may bayad ay ginagamit pa para mangotong sa mga OFW.

Ang isa pang pinagkakaabalahan ay ang supilin ang mga nagtatanggol sa mga karapatan ng mga migrante. Pinaabot ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ang panunupil nito sa labas ng bansa. Itinulak nito ang pagtatalaga ng military attache sa mga embahada ng Pilipinas sa mga bansang may malaking populasyon ng OFW. Naglunsad ito ng mga seminar na nag-redtag sa Migrante International at iba pang progresibong organisasyon na nakikipaglaban para sa mga karapatan ng mga migrante at sambayanang Pilipino at kritikal sa gobyernong Duterte. Lalong tumindi ang mga aksyon nila nang pirmahan ni Duterte ang Anti-Terror Law noong Disyembre 2020.

>> Sa Abu Dhabi sa UAE, ginawa noong Pebrero 2021 ang unang defense attache sa lahat ng Gulf Cooperation States.

>> Sa Hong Kong, ginamit ng NTF-ELCAC ang isang grupo ng mga tagasuporta ni

Duterte para i-redtag ang mga lider ng mga organisasyon na lumalaban sa mandatory PhilHealth premium increase. Sinubukan din nilang manggulo sa mga aktibidad na nagpapahayag ng naturang pagtutol.

>> Sa Taiwan, mismong Labor Attache ng Pilipinas ang pumunta sa bahay ng isang domestic worker para takutin siya matapos siyang mag-post sa Faebook ng isang video na kritikal sa pagharap ng rehimeng Duterte sa pandemya.

>> Nagtayo ng opisina ang Philippine National Police sa US, na humihiling sa publiko na mag-ulat ng mga "kriminal na aktibidad" o iba pang usapin.

>> Sa Australia, mismong si Gen. Antonio Parlade, Jr., tagapagsalita ng NTF-ELCAC, ang pumunta sa bansa at kasama ang mga tagasuporta ni Duterte, ay nagtangkang isabotahe ang mga porum na tumutuligsa sa mga patakaran ni Duterte.

>> Sa New Zealand, ni-redtag ang mga lider ng mga unyon at Migrante-Aotearoa ng mga indibidwal na dikit sa gobyerno ng Pilipinas.

>> Sa Canada, may pinaigting na pagmanman ng konsulado ng Pilipinas sa mga aktibidad ng mga grupong progresibo at oposisyon.

>> Sa Toronto at Vancouver, ang mga opisyal ng konsulado ay kumukuha ng mga larawan at bidyo ng mga nagpoprotesta sa kanilang opisina.

>> Ni-redtag ang mga progresibong organisasyon at kanilang mga lider sa US ng mga Facebook Page at webinar na pinopondohan ng gobyerno.

Ang mga OFW ay naging biktima ng militaristiko at palpak na tugon ng gobyernong Duterte sa pandemya -- na siyang dahilan kung bakit laging kulelat ang bansa sa mga pandaigdigang sarbey sa pagharap sa pandemya. Totoo, tumama ang pandemya sa mundo na parang bagyo, pero tinamaan nito ang Pilipinas na parang superbagyo dahil sa palpak at militaristang rehimeng Duterte. Malinaw na inuuna ni Duterte ang pagtatanggol sa kanyang pagkapangulo kesa sa pagtatanggol sa mga Pilipino laban sa Covid-19. Nangutang nang marami ang kanyang gobyerno, pero hindi ito napunta sa mga serbisyo para sa mga OFW at karaniwang Pilipino. Kung tunay na nagmamalasakit si Duterte para sa mga OFW, dapat pinahusay niya ang tugon ng gobyerno sa pandemya. Nangunguna ang Pilipinas sa pag-eeksport ng lakas-paggawa, kaya talagang tatamaan ang mga migranteng Pilipino kapag palpak ang tugon ng gobyerno sa pandemya -- at talaga namang tinatamaan na ang mga OFW.

PAGPAPATALSIK KAY DUTERTE, PAKIKIBAKA NG MGA MIGRANTE

Kabaligtaran sa pangako ni Duterte, walang "tunay na pagbabago" sa kalagayan ng mga OFW at ating mga pamilya simula nang siya ay maging presidente. Mas masahol ang lagay natin ngayon kesa noong bagong pangulo siya, at mas marami siyang ginawang masama kaysa mabuti sa atin. Ang ginawa lang niya ay magbigay ng matatamis na salita at pangako, at maliliit na pagbabago gaya ng pagpapahaba ng epektibidad ng pasaporte mula lima hanggang 10 taon, at wala nang iba pa.

Madalas na kulang at huli ang tugon ng kanyang gobyerno sa mga emergency at

problemang kinaharap ng mga migranteng Pilipino. Pinabigat nito ang mga pasaning bayarin ng mga OFW sa pagtataas ng mga kotong nito. Wala itong nagawa para isulong ang karapatan ng mga OFW sa mga pinagtatrabahuan at sa bansang pinuntahan. Pinaigting nito ang pagpapatupad ng Labor Export Policy. Pinasahol nito ang mga kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya sa Pilipinas -- kawalang-lupa, kawalang-trabaho, kawalan ng abot-kayang serbisyong panlipunan -- na siyang nagtutulak sa mga Pilipino na mangibang-bansa para magtrabaho. Ginamit nito ang mga pondong nalikom mula sa mga OFW para isulong ang interes ng malalaking dayuhan at lokal na kapitalista, malalaking panginoong maylupa at burukrata, pinakamatataas na opisyal ng militar at pulisya, at ang kanyang pangkatin.

Itong mga krimen laban sa mga OFW, migranteng Pilipino at ating pamilya ay bahagi ng kanyang mga krimen sa sambayanang Pilipino: ekstrahudisyal na pagpaslang at paglabag sa karapatang pantao sa mahihirap at mga lider at miyembro ng mga progresibong organisasyon; iba't ibang atake sa oposisyon, midya, simbahang Katoliko at iba pang tinig na independyente at kritikal sa pamahalaan; pagkasangkot sa mga sindikato sa droga at krimen; matinding katiwalian; pagbebenta ng mga teritoryo ng bansa sa China; pagpapakatuta sa US at pagiging kliyente ng China; pagpapalakas sa mga Marcos, kay Gloria Macapagal-Arroyo at sa mga pinaka-tiwali at pasistang paksyon ng naghaharing uri; palpak na tugon sa pandemyang Covid-19; at iba pa.

Sa kabuuan, inabandona ni Duterte tayong mga OFW at Pilipino sa panahon ng pandemya at iba pang panahon ng matinding pangangailangan. Naglunsad siya ng brutal na kampanya ng pasistang panunupil sa lahat ng hindi niya kakampi. Pinaigting niya ang pangongotong sa mga OFW at ordinaryong Pilipino kahit pa naganap ang napakatinding katiwalian sa kanyang gobyerno. Taksil siya sa pambansang interes pagdating sa mga teritoryo ng bansa na inaangkin ng China, at iba pang isyu.

Sa buong panahong ito, tayong mga OFW at ating pamilya ay hindi nanahimik lamang. Iginiit natin ang agaran at sapat na tugon ng gobyerno sa mga emergency at problemang kinaharap ng mga migranteng Pilipino. Tinutulan natin ang mga pagtaas sa kotong ng gobyerno, at iginiit ang pagbasura sa kanila. Ipinaglaban natin ang ating mga karapatan sa pinagtatrabahuan at mga bansang kinaroroonan. Inilantad natin ang napakaraming problemang likas na kaakibat ng Labor Export Policy at nanawagan ng pagbabasura nito. Tinutulan natin ang mga patakaran na magpapasahol sa kalagayang sosyo-ekonomiko sa Pilipinas at ipinaglaban natin ang tunay na pagbabago. Nilabanan natin ang paggamit sa pondo ng mga OFW para sa interes ng iilan. Nakipagkaisa tayo sa sambayanang Pilipino sa paglaban sa napakaraming patakarang anti-OFW at anti-mamamayan ng rehimen.

Sa kongkreto, iginiit natin ang mga sumusunod:

>> Pagbasura sa mandatory membership at premium hike sa PhilHealth. Libreng sistemang pangkalusugan. Pagtigil at pagbaligtad sa pribatisasyon ng sistemang pangkalusugan ng bansa. Pagbuwag sa PhilHealth. Paggamit sa pondo ng bayan para sa libreng serbisyong pangkalusugan, hindi katiwalian o militarisasyon.

>> Pagbasura sa SSS premium hike. Pagsingil sa mga employer na may mga di-nababayarang kontribusyon sa SSS. Tunay at libreng social security system.

>> Pagtigil sa mga iligal na koleksyon. Pagsasauli ng mga bayad na iligal na siningil sa mga OFW. Pagtapos sa illegal recruitment.

>> Para sa mga seafarers, ang pagsasabatas sa Magna Carta of Seafarers, na may mga probisyon tungkol sa seguridad sa trabaho, libreng serbisyong medikal at pagkilala sa mga mangingisda sa mga sasakyang pandagat. Repatriation ng mga stranded. Pagbibigay ng serbisyo ng gobyerno at pagtapos sa kotong ng gobyerno.

>> Ayudang pinansyal para sa mga OFW: (a) PhP 10,000 bawat pamilya ng OFW sa loob at labas ng Pilipinas. (b) USD 200 para sa bawat OFW na natanggal sa trabaho at nakaltasan ang sahod sahil sa pandemya -- bukod pa sa DOLE-AKAP. (c) PhP 20,000 livelihood assistance para sa bawat OFW na pinauwi dahil sa pandemya. (d) PhP 30,000 para sa pag-uwi, quarantine, PCR test, at iba pang pangangailangang pangkalusugan ng bawat ni-repatriate na OFW na natanggal sa trabaho. (e) Pagtatayo ng disenteng pansamantalang kanlungan (shelter) para sa mga OFW sa labas ng Pilipinas na natanggalan ng trabaho at napaalis sa tinitirahan dahil sa pandemya.

>> Pagpapalaki sa halaga at pagpapalawak sa saklaw ng DOLE-AKAP.

>> Pagbabasura sa Labor Export Policy. Paglikha ng disenteng trabaho sa Pilipinas -- na may nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho, at karapatang magtayo ng unyon at maglunsad ng welga.

>> Pagtapos sa patakaran ng rehimeng Duterte na magtalaga ng military attache sa ibang bansa. Ang dapat italaga sa ibang bansa ay mga welfare officers, social workers, at manggagawang pangkalusugan para sa mga nangangailangang OFW.

>> Pagbasura sa malupit na Anti-Terror Law, at pagbuwag at pagtanggal ng pondo sa perwistong NTF-ELCAC.

Kahit nahaharap tayo sa sariling mga kahirapan sa ekonomiya, tayong mga OFW ay tuluy-tuloy na tumulong sa mga kapwa-Pilipinong nangangailangan -- mga biktima ng iba't ibang kalamidad, ng pandemya, at ng gobyernong Duterte. Lumikom tayo at nagpadala ng mga donasyon para sa mga nasalanta ng pinakamalalakas na bagyong tumama sa bansa, at ng pagputok ng mga bulkan nitong mga nakaraang taon. Nang tumama ang pandemyang Covid-19, nangalap at namigay tayo ng mga pagkain at iba pang porma ng tulong sa mga kapwa-Pilipinong nangangailangan: sa Middle East, itinayo natin ang Kabayan Bayanihan, sa Canada ang Kapit Bisig, at sa Asia-Pacific ang Damayan.

Nagsulong tayo ng malakas na laban sa dagdag-singil sa PhilHealth premium contribution nitong 2020, iba pang kotong ng gobyerno sa mga OFW, at ang panre-redtag at panunupil ng gobyernong Duterte sa mga nagtatanggol ng karapatan ng mga migrante. Naglunsad tayo ng iba't ibang aktibidad para ipakita ang pakikiisa sa mga kampanya ng mga inaaping sektor sa Pilipinas. Sinikap nating palawakin at palakasin ang ating mga organisasyon sa proseso ng paglaban para sa mga karapatan at interes ng mga OFW at sambayanang Pilipino.

Sa pagharap natin sa huling SONA ni Duterte, binubuo natin ang mga krimen niya sa

mga migranteng Pilipino, OFW, ating mga pamilya at sambayanang Pilipino. Pinasahol niya ang ating kalagayan. Dahil sa kanyang mga anti-OFW at anti-mamamayang patakaran, at dahil sa ating paglaban sa mga ito, naging mahina na siya sa pulitika -- kinamumuhian ng maraming OFW at Pilipino. Nakibaka tayo sa kanyang mga patakaran at dahil diyan ay naging mas malakas at matibay sa ating pagkakaisa sa paglaban sa kanya. Dahil sa kanyang mga masasahol na krimen, dapat nang wakasan ang paghahari ni Duterte at dapat siyang papanagutin. Dapat nang matapos itong mahaba at madilim na gabi ng paghahari niya sa ating bansa. Sa pamamagitan ng ating tuluy-tuloy na paglaban, ginagawa natin itong posible.###